

Ang maduming gera ni Duterte ngayong 2020

Ulat sa karapatang-tao sa 2020
(Enero-Disyembre 3, 2020)

Ang Bayan

Disyembre 4, 2020

Ang ulat na ito ay halaw sa mga nakalap na balita ng *Ang Bayan (AB)* hinggil sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na isinagawa ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at iba pang mga armadong ahente ng reaksyunaryong rehimeng US-Duterte mula Enero 1 hanggang Disyembre 3 ngayong taon. Layon ng ulat na ito na ipakita ang lawak ng brutalidad at karahasan na dinanas ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng maduming gerang panunupil ni Rodrigo Duterte ngayong 2020.

Sa talaan ng *AB*, 46,581 (o 138 kada araw sa abereyds) ang naging biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ngayong taon. Hindi pa kabilang dito ang daan-daang libong sibilyang inaresto at idinetine o pinarusahan dahil sa “pagsuway” sa mga restriksyon sa panahon ng *lockdown* at ang mga pinaslang sa ngalan ng nagpapatuloy ng “gera kontra droga.”

Umarangkada ang maduming gera kontra-insurhensya ng rehimeng Duterte ngayong taon gamit ang *Covid-19 lockdown* bilang tabing para magsagawa ng mas masasahol na pang-aatake sa mga sibilyan. Sa kanayunan, ang mamamayan ay naging biktima ng mga pagpaslang, pambobomba at ng mapanupil na presensya ng mga armadong sundalo sa kanilang komunidad.

Sa abereyds, hindi bababa sa dalawang kaso ng pampulitikang pamamaslang ang naitala kada linggo. Kada araw, tinatayang dalawa ang inaresto habang 10 ang pinagbantaan at ginipit. Sa partikular, ang bilang ng mga inaresto ngayong taon ay doble ng naitala noong 2019.


Ang mga pang-aabusong ito ay direktang resulta ng matinding kampanyang kontra-insurhensya ni Duterte na pinangungunahan ng AFP at ng kanyang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Sa layong gapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB), naglunsad ang AFP ng mga nakapokus na operasyong militar sa mga komunidad na kanilang kinukubkob at inookupa kung saan ay nililimitahan din ang kilos ng mga residente. Ang mga erya na nakapagtala ng pinakamatataas na kaso ng operasyong militar ang nakapagtala rin ng pinakamatataas na kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao sa parehong panahon.

Nais ipabatid ng *AB* sa mga mambabasa na marami pang kaso sa kanayunan ang hindi naiulat dulot ng tindi ng mga operasyong militar.

Paglabag sa karapatang-tao (Enero-Dis. 3, 2020)

Pampulitikang pamamaslang	87
Tangkang pagpaslang	36
Pag-aresto at detensyon	761
Pagbabanta, panggigipit, intimidasyon	3,537
Pagwasak sa ari-arian	165
Iligal na paghalughog at pagkumpiska	124
Pagdukot	1
Tortiyur	24
Pananakit	46
Demolisyon	3,168
Blokeyo sa pagkain at ekonomya	15,947
Pamimilit	195
Paglabag sa karapatan ng <i>hors de combat</i>	11
Restriksyon sa <i>curfew</i>	1,431
Pagbabakwit	20,898
Restriksyon sa aksyong masa	150

Pagpaslang, tangkang pagpaslang, tortyur



Hindi bababa sa 87 sibilyan ang naging biktima ng pampulitikang pamamaslang sa buong bansa ngayong taon. Kalakhan ng pinaslang (48) ay mga magsasaka. Ang rehiyon ng Bicol ang nakapagtala ng pinakamataas na bilang ng pinaslang (24), kasunod ang Eastern Visayas (12) at Northeastern Mindanao (9). Ang unang dalawang rehiyon ay saklaw ng Memorandum Order 32 na inilabas ni Duterte noong 2018 na direktang nagdeploy ng dagdag na mga batalyon sa naturang mga lugar. Sa mga prubinsya, pinakamarami ang pamamaslang sa Masbate (11). Ang rehiyon ng Bicol ay saklaw ng mga operasyon ng Southern Luzon Command na pinamumunuan ng notoryus na *red-tagger* na si Lt. Gen. Antonio Parlade, Jr.

Nakapagtala ang *AB* ng anim na masaker sa parehong panahon. Ang pinakahuling insidenteng naiulat ay isinagawa ng 36th IB sa Barangay Pangi, Tandag City, Surigao del Sur noong Oktubre 3 kung saan tatlong magsasaka ang pinaslang. Tulad ng sa iba pang mga kaso ng pamamaslang, pinalabas ng mga pwersa ng estado na "nanlaban" ang mga biktima at namatay sa "engkwentro."

Nilikida rin ng mga pwersa ng estado ang apat na konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ngayong taon, labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees. Kabilang sa mga biktima ang mag-asawang sina Eugenia Magpantay at Agaton Topacio na pinaslang ng mga pulis habang tulog noong Nobyembre 25 sa Angono, Rizal. Kamakailan lamang nagretiro ang dalawa mula sa aktibong pagseserbisyo sa rebolusyonaryong kilusan dahil sa iniindang mga sakit.

Dagdag pa rito, nakapagtala rin ang *AB* ng 36 na biktima ng tangkang pagpaslang at tortyur.

Masaker

Petsa	Pangalan ng mga biktima	Blg.	Lugar	Sektor/Grupo	Salarin
2020-02-13	Julius Marquez; Ennabel Balunos; Ma. Finela Mejia	3	Namatican, Santa Lucia, Ilocos Sur	BHB (<i>hors de combat</i>)	81st IB
2020-03-13	Julius Soriano Giron; Dr. Ma. Lourdes Denero Tangco; at Arvie Alarcon Reyes	3	MRR-Queen of Peace, Baguio City	2 PKP, 1 sibilyan	CIDG, PNP-Baguio, AFP
2020-05-08	Jeric Vuno; Jerry Palanca; Robert Villafuerte; Raymundo Tañada; at Jaime Tañada	5	Dolos, Bulan, Sorsogon	Magsasaka	31st IB, 9th Special Action Battalion
2020-06-17	Rogen Orcales Languido; Danny Boy Tibay Pepito, Sr.; Jessie Boy Amador Pepito (menor-de-edad)	3	Mahayhay, Placer, Masbate	2 Magsasaka; 1 Bata	PNP-Masbate, 2nd PMFC
2020-09-28	Jerry Regala; Judy Barruga; Joey Asne	3	Alas, Mandaon, Masbate	1 Magsasaka 2 Kawani ng pamahalaan	2nd IB
2020-10-03	Maco Cagaran Maitom; Freddie Miyarez Zamora; Paulino Perez Maitom Jr.	3	Pangi, Tandag City, Surigao del Sur	Manggagawa	36th IB

Pag-aresto at detensyon

Umabot sa 761 kaso ng arbitraryong pag-aresto at detensyon ang naitala ng AB ngayong taon. Pinakamarami ang inaresto noong Mayo (219 biktima).

Kalakhan ng inaresto (218) ay mula sa sektor ng magsasaka. Pinakamataas ang bilang ng biktima (172) sa North Central Mindanao. Hindi bababa sa 125 indibidwal ang inaresto sa Bukidnon pa lamang.



Nakapagtala rin ang AB ng hindi bababa sa 60 insidente ng maramihang pag-aresto sa parehong panahon. Libu-libo ang ipinarada bilang mga "sumurender" na kasapi ng BHB sa kanayunan, habang daan-daang mga raliyista at mga boluntir ang inaresto sa iba't ibang mga sentrong lunsod at bayan mula Abril 1 dahil sa umano'y paglabag sa mga alituntunin ng *lockdown*.

Dagdag pa rito, nakapagtala ang AB ng hindi bababa sa 3,537 biktima ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon.

(Marso 15-Disyembre 3, 2020)

Kontra-insurhensya sa panahon ng pandemyang Covid-19

Apektadong mga erya

Barangay	1,075
Bayan/Lunsod	389
Prubinsya	64

Pambobomba, istraping, panganganyon, sarbeylans panghimpapawid

Bilang ng insidente

Pambobomba	22
Panganganyon	14
Sarbeylans panghimpapawid	28
Istraping	11

Pang-aatake sa mga komunidad sa panahon ng pandemyang Covid-19

Mas pinaigting ng rehimen ang mga operasyong kontra-insurhensya nito sa kanayunan at nagwaldas ng bilyun-bilyong piso sa paglulunsad ng mga operasyong kombat at saywar, pambobomba, at *drone surveillance*.

Mula Marso 15, nakapagtala ang AB ng iba't ibang tipo ng mga atakeng militar sa hindi bababa sa 1,075 barangay ng 389 bayan sa 64 prubinsya. Pinakamarami ang apektadong barangay sa Southern Tagalog at Eastern Visayas (tig-200 barangay), kasunod ang North Central Mindanao (198) at Bicol (144). Samantala, nakapagtala rin ito ng 26 insidente ng paniniktik mula sa himpapawid.

Hindi bababa sa 31 kaso ng walang patumanggang pambobomba, pag-istraping at panganganyon ng militar ang naiulat sa naturang panahon, 27 rito ay isinagawa sa Mindanao. Pinakamarami ang pag-atake sa Bukidnon (11) kasunod ang Surigao del Sur (6), Northern Samar at Sarangani (tig-4).

Pinakahuli sa mga pag-atakeng ito ang panganganyon at pag-istraping ng AFP Northern Luzon Command sa mga sakahan sa Barangay Lawak Langka, Mangatarem, Pangasinan noong Nobyembre 24 sa tabing ng operasyong kontra-insurhensya. Walang yunit ng BHB ang nasa naturang lugar nang maganap ang insidente.

Ang walang patumanggang mga atake at ang okupasyong militar sa mga baryo ay nagresulta sa pagbabakwit ng hindi bababa sa 20,898 residente mula sa kanilang mga komunidad sa iba't ibang panig ng bansa. Kalakhan ng mga bakwit ay mula sa Western Mindanao (11,810). Sa Far South Mindanao, halos 2,500 pamilya ang naging biktima ng mga blokeyo sa pagkain at ekonomya na arbitraryong ipinatupad ng nag nag-ooperasyong mga sundalo sa hindi bababa sa 28 barangay sa Sarangani at Sultan Kudarat.

AB

Paglaba sa karapatang-tao

Pagdakor
 Pag-arreso at
 Paninili
 Restriksyon sa curfew
 Demolisyon
 Pagwasak sa
 art-arian
 Pampulitang
 Panamasyang
 Bikeyo sa pakain
 Pagbabakwit
 Tangkang pagpaslang
 at pagkumpiska
 Pananakit
 Pagbabanta pangsegit
 at intimidasyon
 Tortur
 Paglabang ng karapatan
 ng tiyos
 Restriksyon sa
 aksyong masa

Bata	33					3			3	2	3	2	1		
CPP-NPA-NDF	4				15								3	11	
Taong-simbahan	1			1								5			
Manggagawang pangkultura					1										
Drayber	22							1	1	1					
Kawani	1				4										
Manggagawang pangkalusugan	1														
HR worker	9				3							32			
Katutubo	167	78	50	135	6	15,908	18,496	21	14	6	540	10			
LGBTQ+	20														
Abugado								1		1					
MAKABAYAN/Bayan	165				1						1				
Midya	9				1						3				
Migrante											1				
NGO	1	2													
Magsasaka	218	101	1,381	26	48		2,402	10	103	33	2,930	10			100
PWD					1	39									
Kabataan-Estudyante	58										11				
Guro	2														
Maralita	21				2				1						
Kababaihan	9					3,168								1	50
Manggagawa	18	16		3	2			1	3	2	10				



 www.cpp.ph

 cppinformationbureau@gmail.com


 @prwc_info

 @prwcnewsroom

Mga paglabag sa karapatang-tao

- Tangkang pagpatay
- Pagdukot
- Pag-aresto at pagkulong
- Pamimilit
- Pagsira ng ari-arian
- Blokeyo sa pagkain at kabuhayan
- Pwersahang pagbakwit
- Iligal na pagrekisa at pagsamsam
- Pisikal na pananakit o pagsugat
- Pagbabanta, harasment at paninindak
- Tortiyur
- Paglabag sa karapatan ng hors de combat
- Marahas na pagbuwag o paghadlang sa aksyong masa
- Demolisyon
- Pagpataw ng karpuyu
- Ekstrahudisyal na pagpatay

* Ang laki ng mga bilog ay tumutukoy bilang ng mga biktima



Operasyong Kontra-insurhensya

- ✈ Paghuhulog ng bomba
- ✈ Sarbeylans panghimpapawid
- ★ Panganganyon
- ⚔ Presensya at operasyong militar

